


Paunang Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan ng Panuntunan 11-18:

Refinery ng Chevron sa Richmond, CA

Sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA), sinusuri ang mga potensyal na panganib sa kalusugan mula sa pagkakalantad sa mga nakakalasong pollutant sa hangin na ine-emit ng mga pasilidad gaya ng mga refinery, planta para sa wastewater treatment, landfill, at planta ng kemikal. Tumutulong sa amin ang HRA na maunawaan kung paano puwedeng makaapekto ang mga emisyon mula sa mga stationary source na ito ng polusyon sa hangin sa kalusugan ng mga kalapit na residente, manggagawa sa labas ng site, mag-aaral, at sensitibong populasyon. Ang mga pagtatasa ng panganib sa kalusugan ay isang mahalagang kasangkapan sa pag-unawa ng mga potensyal na panganib sa kalusugan at pagsuporta sa mga kasalukuyang pagsisikap ng Air District na protektahan ang kalusugan ng publiko. Ang mga ito ang unang hakbang sa pagtiyak na matagumpay na maipapatupad ang mga pagsisikap sa pagbabawas ng panganib. Nangangailangan ang Air District ng mga pambuong-pasilidad na HRA bilang bahagi ng aming Panuntunan 11-18 Programa sa Pagbabawas ng Panganib sa Pasilidad para **matukoy at mabawasan ang mga nakakalasong emisyon, maprotektahan ang kalusugan ng publiko, at maipabatid sa mga komunidad ang tungkol sa mga potensyal na source ng panganib sa kalusugan.**

Para matuto pa tungkol sa proseso ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan ng Panuntunan 11-18, tingnan ang **Panuntunan 11-18: Fact sheet para sa Pag-unawa sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan.**

Para matuto pa tungkol sa programa ng Panuntunan 11-18, pati tungkol sa mga madalas na itanong at glossary ng mga termino, bumisita sa baaqmd.gov/11-18-facilities.



Refinery ng Chevron – Hangganan ng Pasilidad

Ang dokumentong ito ay nagsisilbing pangkalahatang-ideya ng mga resulta mula sa HRA na isinagawa para sa Refinery ng Chevron sa Richmond, California. Para sa buong teknikal na paunang ulat, sumangguni sa **Paunang Ulat sa Pambuong-Pasilidad na Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan** sa webpage ng Mga Pasilidad ng Panuntunan 11-18.

Ang Refinery ng Chevron (Refinery) ay isang refinery ng petrolyo sa Richmond, California na sumasakop ng humigit-kumulang 2,900 acre sa kahabaan ng San Francisco Bay at tumatakbo na mula pa noong 1902. Natukoy na may posibilidad ang Refinery na magdulot ng malaking panganib sa nakapaligid na komunidad. Bilang bahagi ng proseso ng Panuntunan 11-18, nagsagawa ang Air District ng paunang HRA para sa pasilidad batay sa mga tinatayang emisyon noong 2021.

Mga Resulta ng Paunang HRA

Ang paunang Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (HRA) ng Air District para sa Refinery ng Chevron ay nagpapakitang **lumalampas ang mga panganib sa kalusugan sa Panuntunan 11-18 Mga Antas ng Pagkilos sa Panganib** para sa maximum na pangmatagalang panganib na magkaroon ng cancer para sa mga kalapit na residente at sa panandaliang 1 oras ("matindi") na panganib. Ang Mga Antas ng Pagkilos sa Panganib ay ang mga threshold ng panganib sa kalusugan na, kung maaabot o malalampasan, aatasan ang pasilidad na bumuo at magpatupad ng plano sa pagbabawas ng panganib para sa mga on-site na source na lubos na nakakaapekto sa kalusugan. Tinutukoy ng mga resulta ang panganib para sa indibidwal na may maximum na pagkakalantad (maximally exposed individual, MEI), na tumutukoy sa taong tinatayang nakaranas sa pinakamataas na potensyal na panganib sa kalusugan mula sa isang pasilidad batay sa mga salik gaya ng lapit sa source, mga lokal na pattern ng dispersion sa hangin, at tinatayang tagal ng pagkakalantad.

Panganib sa Kalusugan	Kahulugan	Mga Resulta	Antas ng Pagkilos sa Panganib
Posibilidad na Magkaroon ng Cancer	Ang panganib na magkaroon ng cancer ay isang pagtataya sa posibilidad na magkaroon ng cancer ang isang indibidwal mula sa pangmatagalang pagkakalantad sa mga mapanganib na pollutant sa hangin, na tinatawag ding mga carcinogen.	37 sa isang milyon	10 sa isang milyon
Matinding Index ng Panganib	Ang matinding panganib ay isang pagtatantya ng mga potensyal na epekto sa kalusugan na hindi cancer mula sa panandaliang pagkakalantad sa mga nakalalasong pollutant sa hangin sa loob ng isang oras.	1.2	1.0
Tuloy-tuloy na Index ng Panganib	Tinatantya ng tuloy-tuloy na panganib ang mga potensyal na epekto sa kalusugan na hindi cancer mula sa pangmatagalang pagkakalantad sa mga nakalalasong pollutant sa hangin.	0.26	1.0

Talahanayan 1: Paghahambing sa Mga Resulta ng Paunang Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan at Mga Antas ng Pagkilos sa Panganib ng Panuntunan 11-18.

Ano ang Nagpapalaki sa Panganib?

Driver ng Panganib na Magkaroon ng Cancer:

Pollutant: Benzolapyrene

Pangunahing Source: Mga emisyon mula sa mga pipe fitting at tangke sa pag-iimbak ng refinery

Mga Epekto sa Kalusugan: Ang pangmatagalang pagkakalantad ay puwedeng magpalaki sa posibilidad na magkaroon ng cancer at makaapekto sa development, kalusugan ng reproductive system, at immune system.

Driver ng Matinding Panganib:

Pollutant: Benzene

Pangunahing Source: Mga operasyon sa wastewater treatment

Mga Epekto sa Kalusugan: Ang panandaliang pagkakalantad sa benzene ay puwedeng magdulot ng pansamantalang iritasyon sa mata, ilong, lalamunan, at бага, pananakit ng ulo, pagkahilo, at iba pang epekto sa kalusugan.

- Ang publiko at ang pasilidad ay may 90 araw para magbigay ng komento sa paunang HRA.
- Susuriin ng Air District ang mga komentong ito at puwede itong gumawa ng mga pagbabago sa paunang HRA batay sa natanggap na bagong impormasyon. Puwedeng magresulta ang mga pagbabagong ito sa pagbaba o pagtaas ng mga paunang resulta ng panganib.
- Si el riesgo se mantiene en o por encima de los Kung ang panganib ay mananatili sa o higit pa sa mga antas ng pagkilos sa panganib sa Panuntunan 11-18, ang pasilidad ay kakailanganing gumawa at magpatupad ng isang plano sa pagbabawas ng panganib – isang planong nagbabalangkas ng mga detalyadong hakbang sa pagbabawas ng panganib na ipapatupad para mabawasan ang panganib sa kalusugan sa ibaba ng mga antas ng pagkilos sa panganib, o ng paglalapat ng pinakamahusay na magagamit na teknolohiya sa pagkontrol ng retrofit para mabawasan ang mga nakalalasong emisyon.

Paano Magkomento

Bukas ang pagtanggap ng komento ng publiko hinggil sa paunang ulat simula sa ika-25 ng Agosto at magtatapos sa ika-23 ng Nobyembre, 2026, sa ganap na alas-singko ng hapon. Puwedeng ipadala ang mga komento sa pamamagitan ng email na may subject line na

FID10_hra_lapelyido/pagkakakilanlan ng grupo sa Reg11-18@baaqmd.gov, <https://bit.ly/46WGTyC>.

Pampublikong Meeting

Magsasagawa ang Air District ng pampublikong pagpupulong sa Setyembre 21, 2026, mula 5:00 n.g. hanggang 6:30 n.g. sa Richmond Memorial Auditorium and Convention Center, Main Floor, 403 Civic Center Plaza sa Richmond.

Ano ang Susunod na Mangyayari?

Ang mga resultang ito ay itinuturing na **pauna** at hindi pa pinal. Bago isapinal ng Air District ang mga resultang ito, isasagawa ang mga sumusunod na hakbang: